# AKI, ANG KULIT



Kuwento ni
JENIELYN D. DULDULAO

Guhit ni
ROBERTO V. DULDULAO JR.

***AKI, ANG KULIT***

***Maikling Kuwento sa Filipino para sa Ikalawang Baitang***

***Mga Kasanayan sa Pagkatuto***

***F2PS-If-1*** *Naipapahayag ang sariling ideya/ damdamin o reaksiyon tungkol sa napakinggang kuwento batay sa tunay na pangyayari.*

***F2-PS-Ig-6.1*** *Naisasalaysay muli ang napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan.*

***F2-PS-Ig-6.1*** *Nailalarawan ang mga tauhan sa napakinggang kuwento batay sa damdamin*

**Treasury of Storybooks**

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may , among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use of any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Duldulao,Jenielyn D., Aki, ang Kulit, Dep-ed BLR, 2019

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Jenielyn D. Duldulao

Illustrator: Roberto V. Duldulao Jr.

Learning Resource Manager: Cheryl R. Ramiro, PhD

Rizalino G. Caronan

Santiago City

Region 02


# AKi, ANG KULIT

"Ang putik!!! Aki! Ikaw na naman ba ang may gawa nito? Bakit maputik dito? Ano na naman ba ito?" "Hindi ba kabilin-bilinan ko sa iyo na magpupunas ka ng paa bago pumasok ng bahay,?" naiiling na wika ng kaniyang ina na naiinis sa nakikita.



"Ha? Pati dingding? Aki, ano ito? Puro sulat na naman ang dingding natin? Hindi ba bilin ko sa iyo na huwag mo na ulit susulatan ang ating dingding? Hay naku!"napatapik sa noong sambit ng ina.





"Susmaryosep ka talagang bata ka! Lagi na lang bang ganito? Manguha ka ng basahang may sabon burahin mo iyan!" utos ng kaniyang ina. Hindi umimik si Aki at naglakad na lang papalayo sa ina habang pasulyap-sulyap sa kaniyang mga naiguhit sa dingding.

Gulat na gulat ang kaniyang ina nang mabuksan ang aparador at nakita nitong kalat-kalat at nakasabog ang mga damit.

"Hay talaga naman, anak. Ano na naman ang ginawa mo sa damitan mo? Ginulo mo na naman ang mga damit mo," wika ng kaniyang ina.



Halos maiyak sa inis ang kaniyang ina sa nakita. Sumigaw ang kaniyang ina sa muling pagtawag sa pangalan ni Aki.

"Aki, halika nga rito. Pinapapagod mo talaga ako. Walang isang salita sa iyong bata ka!" nanlulumong sambit ng ina.



Habang tahimik ang paligid sa kabahayan ay biglang may malakas na ingay na narinig. Isang babasaging bagay ang nahulog sa sahig.

“Aki, ano iyang ingay na iyan? Ano na naman ba ang nabasag mo?” natatarantang sambit ng kaniyang ina.






"Sayang naman. Hindi ka talaga nag-iingat, anak. Ang kulit mo talaga. Paulit-ulit na lang," nalulungkot na sambit ng ina. Si Aki ay nakayukong nakatingin sa nabasag niyang plorera sa baba ng mesa na may nagkalat na bulaklak.



Habang ang kaniyang ina ay may hawak na pandakot at walis ng niligpit na nabasag na plorera, nakita nito ang nagkalat na ginupit-gupit na papel sa sala. "May kalat na naman dito ng nagupit na papel? Aki!", sigaw ng ina.

Halos maiyak sa pagod na nararamdaman sa nakitang bagong ligpitin ang kaniyang ina.

"Kawawalis ko lang, anak! Ano na naman ba itong kalat dito? Wala ka talagang pagpapahalaga sa pagod ko. Hindi ka ba naaawa kay Mama?" naiiyak na sambit ng ina.



"*Sorry* na po, Mama. Pumasok po ako sa loob ng bahay na maputik ang paa dahil narinig ko pong bukas ang gripo at lumalagaslas ang tubig sa banyo."

Nag-aalalang sambit ng maluha-luha pa nitong mga mata sa kaniyang ina.



“Itatanong ko lang po sana kung maganda ang drowing ko sa dingding. Akala ko po kasi matutuwa kayo,” nakayuko at malungkot na sabi ni Aki habang akmang pupulutin ang ibang nakakalat na makukulay na panulat na ginamit nito sa pagguhit.



“Hindi ko na po guguluhin ang damitan ko. Sinubukan ko lang po kasing magbihis nang mag-isa para po hindi ninyo  na po ako binibihisan,” nakayuko at panakaw-nakaw na tingin sa kaniyang ina habang nagpapaliwanag dito.



“Hindi ko po sinasadyang mabasag ang plorera. Gusto ko lang po sanang lagyan ng mga bulaklak para sa inyo,” pagpapaliwanag ni Aki sa kaniyang ina nang nakayuko at hiyang-hiya sa nangyari.



"Liligpitin ko na po ang mga nagupit-gupit na papel. Ito po pala ang kard na gawa ko para sa inyo. Maligayang kaarawan, Mama"

maluha-luhang inaabot ni Aki sabay yakap sa kaniyang ina ang isang kard na gawa sa ginupit-gupit na papel.






Naluha ang ina ni Aki. Hindi maipaliwanag ng kaniyang ina ang mararamdaman sa magandang intensiyon ng kaniyang anak. Niyakap niya rin ang kaniyang anak.


“ Anak, salamat sa mga ginawa mo. Ngunit kailangan mong gawin lahat ng ito nang maayos,” wika ng ina.

“Kailangan mong maghugas ng paa o magpunas ng paa bago pumasok para hindi magdumi ang bahay,” malumanay na paliwanag ng ina.

Namumugto man ang mata ni Aki ay patango-tango na lang ang kaniyang naisasagot sa pangaral ng kaniyang ina.



“Natutuwa si Mama na napakahusay mong magdrowing. Ngunit, mas maitatago natin ang iyong mga iginuhit kung sa papel mo ito gagawin. Tayo iyong larawan ng masayang pamilya, tama ba?” tanong ng kaniyang ina. Tanging yakap lang ang tugon ni Aki sa ina.



“Ang mga natiklop na damit ay napaglalaanan ng oras ni Mama na ayusin para malinis at hindi lukot mong isusuot. Gusto kong malaman mo na natutuwa akong marunong ka nang magbihis mag-isa, ngunit dapat alam mo rin ang magsinop.” marahang paliwanag ng ina.



“Salamat rin sa bulaklak na gusto mong maging sorpresa sa akin. Basta sa susunod, anak, gawin mo ito nang maingat o humingi ka ng tulong sa nakatatanda sa iyo. Sobrang napasaya mo ako sa kard na ibinigay mo sa akin. Mahal na mahal rin kita, anak.

Pasensiya ka na kung nagalit si Mama. Buong akala ko ay hindi mo pinahahalagahan ang pagod ko,” sambit ng ina habang yakap ang kaniyang anak.



“Natutuwa akong sa murang isip mo ay gusto mong pasayahin ang magulang mo. Basta lagi mong tatandaan, anak, gusto kong gawin mong gabay ang mga tagubilin ni Mama sa iyong paglaki. Lagi kang magpakabait maging masunurin.

W A K A S




Aki,
ANG
KULIT


Bawat bata ay may katangian ng pagiging makulit, malikot, mapagtuklas, at agresibo. Ang pang araw-araw na buhay na kasama si Aki ay ganito...
Aki, Ang Kulit
Maligayang Kaarawan Mama

## MAY AKDA



Si Jenielyn D. Duldulao ay nagtapos ng Bachelor in Elementary Education at Masters of Arts in Education sa Northeastern College Santiago City. Siya ay nagtuturo sa Pampublikong Paaralan ng Patul Elementary School.

## ILUSTRADOR



Si Roberto V. Duldulao Jr. ay guro sa Pampublikong paaralan ng Patul Elementary School. Siya ay manunulat, pintor at dibuhista ng Rehiyon 2.